JOAQUÍN TORRES
ASSESSOR-RECORDER

SAN FRANCISCO
OFFICE OF THE ASSESSOR-RECORDER

# Kailangang Gawin:
## Kumpletuhin at ibalik ang nakalakip na 1-pahinang pormularyo nang hanggang sa Enero 17, 2025

Enero 1, 2025

Mahal na

Maligayang bati sa pagsisimula ng gawaing konstruksyon sa inyong ari-arian! Sa buong San Francisco, nagsasagawa ang mga may-ari ng ari-arian na tulad ninyo ng pagpapabuti ng kanilang tahanan, at sa bawat taon, humihingi ang aking tanggapan sa bawat nagbabayad ng buwis ng impormasyon sa kanilang kasalukuyang mga proyekto ng konstruksyon.

### Bakit ako tumatanggap nitong liham at pormularyo?

Hinihiling sa inyo na kumpletuhin ang nakalakip na Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyong Pantahanan (Residential Construction Project Information Form) sa dahilang nakalagay sa aming mga rekord na mayroon kayong nakatalang mga permiso sa pagtatayo (building permit) sa inyong ari-arian. Bilang Assessor-Recorder ng San Francisco, inaatasan kami ng batas na bigyan ng halaga ang lahat ng kasalukuyang ginagawang konstruksyon nang hanggang sa Enero 1.[1] Para matasa nang wasto ang inyong paggawa, kinakailangan namin na magpasa kayo ng impormasyon tungkol sa inyong proyekto.

### Ano ang kailangan kong gawin?

Kumpletuhin ang nakalakip na Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyong Pantahanan (Residential Construction Project Information Form) sa kabuuan nito. Kailangan pa rin ninyong kumpletuhin ang pormularyo kahit na hindi pa nasimulan ang paggawa o kung nagdesisyon kayong huwag nang gawin ang konstruksyon. **Kinukumpleto ng nakararaming may-ari ng tahanan sa San Francisco ang pormularyong ito sa tamang oras. Ibalik ang pormularyo sa aming tanggapan nang hanggang sa Enero 17 gamit ang isa sa sumusunod na mga opsiyon:**

| Opsiyon 1: Scan & Email | Opsiyon 2: Ipadala sa Koreo | Opsiyon 3: Dalhin/Ihatid |
|---|---|---|
| I-scan ang inyong pormularyo at ipadala ito sa email sa rp.assessor@sfgov.org. | Ipadala sa aming tanggapan ang pormularyo sa pamamagitan ng koreo gamit ang nakalakip na remit envelope. | Dalhin/Ihatid ang inyong pormularyo sa aming tanggapan sa City Hall Room 190 (Unang palapag). |

### Bakit dapat kong kumpletuhin ang pormularyong ito?

Ang form na ito ay tumutulong sa amin upang maayos na masuri ang progreso at halaga ng iyong proyekto sa konstruksiyon mula noong ika 1 ng Enero. Kung hindi kami makakatanggap ng tugon mula sa iyo, gagamitin namin ang impormasyon na maaari naming magamit upang matukoy ang isang naaangkop na pagtatasa. Samakatuwid, mangyaring tumugon sa deadline upang matiyak na nasa amin ang iyong impormasyon bago ang pagtatasa ng iyong proyekto. Ang blangko o hindi kumpletong dokumentasyon ay hindi maituturing na tumutugon.

[1] California Revenue and Taxation Code, Sections 50 and 401.3

## May mga tanong pa ba?

Mangyaring basahin ang FAQs sa likod ng liham na ito, bumisita sa aming website sa www.sfassessor.org, tumawag sa San Francisco 311 sa pamamagitan ng pag-dayal ng 3-1-1 (sa loob ng SF lamang) o (415) 701-2311 (sa labas ng SF), o magpadala ng email sa amin sa rp.assessor@sfgov.org.

Sumasainyo,



Joaquín Torres, Assessor Recorder

**Ang pagsasalin sa pormularyong ito ay matatagpuan sa aming website:**

| | |
|---|---|
| Español | www.sfassessor.org/spanish |
| 中文 | www.sfassessor.org/chinese |
| Filipino (Tagalog) | www.sfassessor.org/filipino |

Internal use only: {ObjectID}

## Mga Madalas Itanong (FAQs): Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyong Pantahanan
## [Frequently Asked Questions (FAQs): Residential Construction Project Information Form]

### Pangkalahatang mga Katanungan

**Bakit hinihingi sa akin na kumpletuhin ang pormularyong ito?** Ang aming tanggapan ay inaatasan ng batas na bigyan ng halaga ang konstruksyong isinasagawa sa kasalukuyan tuwing Enero 1. Nakalagay sa aming mga rekord na mayroon kayong nakatalang mga permiso sa pagtatayo (building permit) sa inyong ari-arian na nangangailangan ng pagtatasa.

**Sa ilalim ng anong awtoridad hinihiling ang impormasyong ito o tinatasang muli ang aking ari-arian?** Ang California Revenue and Taxation Code ang nagbibigay ng awtorisasyon sa Assessor para hilingin ang impormasyong ito at matasa ang kasalukuyang isinasagawang konstruksyon sa Enero 1 (Mga Seksiyon 50, 401.3, at 441(d)).

**Kailan dapat ibalik ang pormularyo?** Dapat ninyong ibalik ang pormularyo sa aming tanggapan nang hanggang sa Enero 17, 2025.

**Kailangan ko bang makumpleto ang Pormularyong ito? Anong mangyayari kung hindi ko nagawa?** Opo, lahat ng mga nagbabayad ng buwis na tumanggap ng pormularyong ito ay dapat kumpletuhin at ibalik ito sa aming tanggapan. Kung hindi kami makatanggap ng tugon mula sa inyo, gagamitin namin ang impormasyong naririto sa amin upang maagap naming matukoy ang naaangkop na pagtatasa para sa inyong konstruksyon nang hanggang sa Enero 1. Ang ibinalik na pormularyo na blangko o hindi kumpleto ay hindi ituturing na isang pagtugon..

### Pagkumpleto ng Pormularyo

**Hindi ako sigurado kung paano kumpletuhin ang pormularyo. Paano ako makakakuha ng tulong?** Nagpaskil na kami ng mga halimbawa ng mga nakumpletong pormularyo sa www.sfassessor.org/new-construction. Maaari din kayong tumawag sa aming tanggapan sa (628) 652-8100 kung mayroon kayong partikular na mga katanungan tungkol sa inyong ari-arian.

**Paano kung hindi pa ako nagsimula ng konstruksyon?** Dapat pa rin ninyong kumpletuhin at ibalik ang pormularyo sa aming tanggapan. Ilagay na hindi pa nagsimula ang paggawa sa pamamagitan ng pagmarka sa opsiyon na iyon sa Seksiyon 1a.

**Paano kung nagdesisyon akong hindi na gagawin ang konstruksyon?** Dapat pa rin ninyong kumpletuhin at ibalik ang pormularyo sa aming tanggapan. Ilagay na hindi na gagawin ang konstruksyon sa pamamagitan ng pagmarka sa opsiyong iyon sa Seksiyon 1a. Dapat din ninyong hiwalay na ipagbigay-alam sa Department of Building Inspection (DBI) para makansela ang (mga) permiso, na awtomatikong mag-aalis sa inyong ari-arian mula sa hinaharap na mga pagpapadala (mailing) gaya nito. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa website ng DBI sa www.sfdbi.org.

**Paano ko dapat tantiyahin ang kabuuang halaga na magugugol ko sa proyekto?** Isama ang lahat ng inaasahang gastos, kabilang ngunit hindi limitado sa halaga na babayaran ninyo sa inyong kontratista at anumang mga bayarin sa DBI, mga arkitekto, surveyor, inhinyero, atbp.

**Paano kung wala naman akong kontratista at ako mismo ang gumagawa ng trabaho?** Markahan ang “hindi” (“no”) sa Seksiyon 3b.

**Mag-iinspeksiyon ba kayo ng aking ari-arian?** Kinukumpleto namin ang mga inspeksiyon sa labas para sa iba’t ibang proyekto ng konstruksyon. Mangyaring ibigay ang inyong kontak na impormasyon sa Seksiyon 3a upang maaari namin kayong kontakin para magtakda ng inspeksiyon kung kinakailangan.

### Mga Buwis at Pagsingil

**Paano ko malalaman kung ano ang inyong tinasa para sa aking proyekto?** Ang idinagdag na halaga para sa kasalukuyang isinasagawang proyekto ng konstruksyon ay ililista bilang isang line item sa inyong taunang Paunawa ng Tinasang Halaga (Notice of Assessed Value), kung saan matatanggap ninyo sa Hulyo.

**Magkano pa sa mga buwis sa ari-arian ang kailangan kong bayaran batay sa idinagdag na halagang iyon?** Ang dagdag sa mga buwis ay batay sa pagtatasa multiplikahin ng porsiyento ng buwis (tax rate). Halimbawa, kung ang inyong bagong konstruksyon ay nagresulta sa $50,000 na dagdag na pagtatasa, $50,000 x 1.1714% (2024 tax rate) = $585.70 ang idaragdag sa inyong darating na singil sa buwis sa ari-arian.

**Kailan ko dapat bayaran ang karagdagang mga buwis? Makakatanggap ba ako ng isa pang pagsingil?** Para sa kasalukuyang paggawa nang hanggang sa Enero 1, ang karagdagang mga buwis ay idaragdag sa pagsingil sa

inyong regular na buwis, na dapat bayaran sa dalawang hulog sa Disyembre 10 at Abril 10. Kapag natapos na ang konstruksyon, makakatanggap kayo ng hiwalay na pagsingil ng dagdag na buwis.

**Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa inyong pagtatasa ng aking proyekto ng konstruksyon?** Pagkaraang matanggap ang inyong taunang Paunawa ng Tinasang Halaga (Notice of Assessed Value) sa Hulyo, maaari kayong humiling ng isang di-pormal na pagrepaso ng pagtatasa kung hindi kayo sumasang-ayon sa halaga sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Assessor-Recorder sa (628) 652-8100. Kung naniniwala kayong hindi magreresulta ang pagrepaso sa isang kasiya-siyang konklusyon, ang deadline para maghain ng isang pormal na apela ng pagtatasa sa Assessment Appeals Board ay sa Setyembre 15. Para sa impormasyon sa paghahain, mangyaring kontakin ang Assessment Appeals Board sa http://sfgov.org/aab/.

**Gagamitin ba ang impormasyong ito upang matasa ang aking proyekto ng konstruksyon kapag natapos na ito?** Bagaman maaaring gamitin ang ibinigay na impormasyon sa pormularyo, ang Assessor ay kinakailangang gumawa ng ganap na pagsusuri sa katapusan ng proyekto upang matukoy ang patas na halaga sa merkado na idinagdag (fair market value added). Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa aming New Construction Fact Sheet, na makukuha sa http://sfassessor.org/about-us/fact-sheets.

## KAHILINGAN PARA SA IMPORMASYON

**TINGNAN ANG KALAKIP NA LIHAM**

Itong kahilingan para sa impormasyon ay isinasagawa ng assessor alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Revenue and Taxation Code section 441(d). Ang probisyon na ito ay nag-aatas sa inyo na sumunod.

NAME AND MAILING ADDRESS
*(Make necessary corrections to the printed name and mailing address.)*

| PETSA NG KAHILINGAN | TAKDANG PETSA PARA SA HINILING NA IMPORMASYON | | |
|---|---|---|---|
| 01/01/2025 | 01/17/2025 | | |

| STREET ADDRESS O PISIKAL NA LOKASYON NG ARI-ARIAN | LUNGSOD | ESTADO | ZIP |
|---|---|---|---|
| | SAN FRANCISCO | CA | |

| ASSESSOR'S PARCEL NUMBER |
|---|
| |

| ACCOUNT NUMBER/ASSESSMENT NUMBER |
|---|
| |

| PETSA NG KAGANAPAN | URI NG KAGANAPAN |
|---|---|
| 01/01/2025 | 2025 LIEN DATE NEW CONSTRUCTION |

**TINGNAN ANG NAKALAKIP PARA SA LISTAHAN NG IMPORMASYON NA PARTIKULAR NA HINIHILING. KUNG HINDI KAYO NAKAKATIYAK SA KUNG ANONG IMPORMASYON ANG HINIHILING O KAILANGAN PA NG MAS MAHABANG PANAHON PARA MAKASUNOD SA KAHILINGAN, MANGYARING KONTAKIN ANG KAWANI NG TANGGAPAN NG ASSESSOR NA ANG PANGALAN AT KONTAK NA IMPORMASYON AY MAKIKITA SA NAKALAKIP.**

Ang kahilingan bang ito ay ginagawa kasabay ng pagdinig sa apela ng pagtatasa?

☒ HINDI

☐ OO Kung oo, mangyaring kumpletuhin ang sumusunod:

(Mga) numero ng Aplikasyon sa Apela ng Pagtatasa (Assessment Appeal Application number), kung nakatalaga: ______________________

Aplikante: ______________________

Petsa ng pagdinig, kung naka-iskedyul: ______________________

Uri ng pagtatasa na inaapela: ______________________

Iba't ibang probisyon sa Revenue and Taxation Code ang naggagawad sa mga assessor ng awtoridad na kumuha ng impormasyon upang tuparin ang kanilang mga tungkulin sa pagtatasa. Itong kahilingan para sa impormasyon ay ginagawa alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Revenue and Taxation Code section 441, subdivision (d), na nagsasaad:

(1) Sa anumang oras, ayon sa kinakailangan ng assessor para sa mga layunin ng pagtatasa, nararapat ipagkaloob ng bawat tao para sa pagsusuri ng impormasyon o mga rekord ang patungkol sa kanilang ari-arian o anumang iba pang personal na ari-arian na matatagpuan sa mga lugar na kanilang pag-aari o kontrol. Kaugnay nito, ang mga detalye ng mga transaksiyon sa pagkakaroon ng ari-arian, mga gastos sa konstruksyon at pagpapaunlad, kita sa upa, at iba pang mga datos na may kinalaman sa pagtukoy ng pagtantiya ng halaga ay itinuturing bilang impormasyon na mahalaga sa wastong pagtupad ng mga tungkulin ng assessor.

(2) (A) Sa nakasulat na kahilingan ng isang assessor, ang tinatasa (assesse) o itinalagang kinatawan ng tinatasa ay ipapadala ang impormasyon o mga rekord na inilarawan sa talata (1) sa pamamagitan ng koreo, o sa electronic format kung nasa electronic format o nauna nang na-digitize ang impormasyon o mga rekord. Ang talatang ito ay hindi dapat ipakahulugan o bigyang-kahulugan para limitahan ang awtoridad ng assessor na suriin din ang impormasyon o mga rekord na inilarawan sa talata (1).

(B) Ang impormasyon o mga rekord na hiniling alinsunod sa talatang ito ay dapat ipadala sa loob ng sapat na tagal ng panahon.

(3) (A) Ang subdivision na ito ay iiral din sa isang owner-builder o owner-developer ng bagong konstruksyon na ipinagbili sa ikatlong partido, itinatayo sa ngalan ng ikatlong partido, o itinatayo para sa layunin ng pagbebenta ng ari-ariang iyon sa ikatlong partido.

(B) Ang owner-builder o owner-developer ng bagong konstruksyon na inilarawan sa subparagraph (A), sa loob ng 45 araw ng pagkatanggap ng nakasulat na kahilingan ng assessor para sa impormasyon o mga rekord, ay magbibigay sa assessor ng lahat ng impormasyon at mga rekord hinggil sa ari-ariang iyon. Kabilang sa Impormasyon at mga rekord na ibinigay sa assessor ay ang kabuuang konsiderasyon na ipinagkaloob ng alinman sa bumili o sa ngalan ng bumili na binayaran o ipinagkaloob, alinman bilang bahagi o labas ng kasunduan sa pagbili, kabilang, ngunit hindi limitado, sa konsiderasyon na binayaran o ipinagkaloob para sa pagbili o pagkakaroon ng mga upgrade, pagdagdag, o para sa anumang iba pang karagdagan o suplementong gawain na ginampanan o isinaayos ng owner-builder o owner-developer sa ngalan ng bumili.

Mangyaring basahin nang mabuti ang nakalakip, sa dahilang ang assessor ay maaari ding humiling ng impormasyon na awtorisado sa ilalim ng iba pang mga probisyon ng batas, ayon sa inihayag sa nakalakip. Lahat ng impormasyon na hiniling ng assessor o ibinigay sa pahayag ng ari-arian ay pananatilihing lihim ng assessor alinsunod sa Revenue and Taxation Code section 451.

Kung ang assessor ay nilagyan ng tsek ang box ng "OO" ("YES") na nagpapahiwatig na ginagawa ang kahilingang ito kasabay ng pagdinig sa apela ng pagtatasa, batay sa ibinigay ninyong impormasyon, maaaring ang assessor ay makarating sa konklusyon na halaga na kasiya-siya sa inyo. Kung mangyari ito, gagawa ang assessor ng rekomendasyon sa lupon ng mga apela ng pagtatasa na ang natasang halaga para sa inyo ay mabago sa halagang iyon. Gayunman, kung hindi pa rin kayo sumasang-ayon sa inirekomendang halaga, itutuloy ang pagdinig.

Kung hindi kayo sumunod sa kahilingang ito, o nagbigay lamang ng bahagi ng hiniling na impormasyon, maaaring ituloy ang pagdinig sa inyo ayon sa iskedyul o maaaring ipagpaliban ito o ang lupon ng mga apela ng pagtatasa ay maaaring magtakda ng isang kumperensiya bago ang pagdinig (prehearing conference) na gaganapin nang maaga sa pagdinig sa inyo. Kung hindi ninyo ibibigay sa assessor ang hiniling na impormasyon bago ganapin ang pagdinig o ang kumperensiya bago ang pagdinig (prehearing conference) (kung naka-iskedyul), magkakaroon kayo ng oportunidad na ipaliwanag sa mga miyembro ng lupon ng mga apela sa pagtatasa o sa hearing officer kung bakit hindi kayo nakasunod sa kahilingan para sa impormasyon, at magpapasiya sila kung gaganapin ang pagdinig nang walang impormasyon, kung ipagpapaliban o itutuloy ang pagdinig upang mabigyan kayo ng panahon na sumunod sa kahilingan, kung ipagpapaliban o itutuloy ang pagdinig nang maaaring magpalabas ng isang subpena, o kung dapat gumawa ng anumang iba pang aksyon ang assessor o ang lupon ng mga apela ng pagtatasa.

Kung humarap kayo sa pagdinig at nagbigay ng anumang impormasyon na hiniling sa ilalim ng Revenue and Taxation Code section 441(d) at hindi ipinagkaloob ng assessor, binibigyang karapatan ang assessor para sa isang pagpapaliban ng pagdinig upang suriin ang bagong impormasyon.

Kung hindi kayo sumunod sa kahilingan na ito ng section 441(d), maaaring hingin sa inyo na humarap sa Superior Court. (Tingnan ang Revenue and Taxation Code section 468.) Mangyari ding alamin na ang hindi pagsunod o ang paggawa ng maling pahayag hinggil sa kahilingan ay maaaring maipailalim kayo sa mga parusa sa magaang na pagkakasala (criminal misdemeanor). (Tingnan ang Revenue and Taxation Code sections 461 at 462.)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng apela sa pagtatasa, kabilang ang kung paano makakakuha ng impormasyon mula sa assessor, mangyaring tingnan ang State Board of Equalization's Assessment Appeals Manual sa:

http://www.boe.ca.gov/proptaxes/asmappeal.htm

# Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyong Pantahanan (Residential Construction Project Information Form)

**Mga Tagubilin**: Tulungan kaming matasa nang tama ang inyong proyekto ng konstruksyon sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbabalik ng pormularyong ito sa aming tanggapan nang hanggang sa **Enero 17, 2025**. I-scan at ipadala ito sa email sa rp.assessor@sfgov.org, ipadala sa koreo gamit ang nakalakip na sobre, o dalhin sa aming tanggapan sa City Hall Room 190 (Unang palapag). Mangyari lamang na punan ang pormularyong ito sa kabuuan nito; ang ibinalik na pormularyo na blangko o hindi kumpleto ay hindi ituturing na isang pagtugon.

| | | |
|---|---|---|
| **Impormasyon sa inyong ari-arian** | **Panglan ng May-ari ng Ari-arian:** | |
| | **Address ng Ari-arian** | **Assessor Parcel Number:** |

* Tingnan ang likod ng pahina para sa impormasyon ng permiso.

## 1) Ano ang katayuan ng inyong proyekto?

**A) Progreso ng proyekto nang hanggang sa Enero 1**
Ano ang katayuan ng inyong proyekto? Markahan ang isa sa apat na opsiyon sa ibaba:

- ○ **Hindi pa nagsimula ang paggawa.**
- ○ **Natapos na ang paggawa**. Petsa ng Pagkumpleto: _____/______/________
- ○ **Patuloy ang paggawa**. Bilugan ang % ng pagkumpleto: 10% 25% 50% 75% 90% Iba pa: ________%
- ○ **Hindi ko naman gagawin ang gawaing ito.** Para kanselahin ang proyekto, dapat ninyong kanselahin ang inyong permiso sa DBI. Tingnan ang FAQs para sa mga detalye.

| **B) Halagang Ginugol nang hanggang sa Enero 1** | **C) Kabuuang Halaga ng Proyekto** | **D) Petsa ng Pagsisimula** | **E) Petsa ng Pagkumpleto** |
|---|---|---|---|
| Magkano ang inyong ginugol sa proyekto nang hanggang sa Enero 1, 2025? | Magkano ang inyong inaasahang kabuuang gugugulin sa proyekto? | Kailan nagsimula ang konstruksyon, o kailan ninyo inaasahan na magsisimula? | Kailan ninyo inaasahang matatapos ang proyekto? |

## 2) Sabihin sa amin ang higit pa tungkol sa inyong proyekto

**A) Uri ng gawain na ginagawa**. Markahan ang lahat ng angkop.

- ☐ **Karagdagan.** Nagdaragdag ng square footage sa kasalukuyang gusali (hal.pagdagdag ng bagong silid tulugan sa bahay). **Sq. ft na idinagdag**: ____
- ☐ **Bagong gusali.** Konstruksyon ng bagong gusali (hal. pagtatayo ng bagong bahay sa isang bakanteng lote).
- ☐ **Pagpapalit o legalisasyon.** Pagpapalit sa kasalukuyang espasyo para sa bagong paggamit (hal. pagpapagawa sa garahe para maging tirahan).
- ☐ **Pagremodel.** Pagbabago ng kasalukuyang espasyo (hal. pagbabago ng ayos ng kusina o banyo).
- ☐ **Pagmantini o pagkukumpuni.** Pagsasapanahon ng kasalukuyang mga elemento ng ari-arian (hal. bubong).
- ☐ **Iba pa.** Ang uri ng konstruksyon ay hindi inilalarawan sa mga opsiyon sa itaas.

**B) Mga pangunahing pagbabago sa inyong ari-arian.** Markahan ang lahat ng angkop.

- ☐ Binabago ko ang panloob na pagsasaayos ng anumang mga kuwarto (hal. nalilipat na dishwasher o kalan).
- ☐ Naglilipat o nagdaragdag ako ng mga dingding, bintana o pintuan.

**C) Mga katangian ng inyong ari-arian.** Ilan ang bawat kuwarto na magkakaroon kayo sa katapusan ng proyekto ng konstruksyon?

Sala: ___ Kusina: ___ Silid Kainan: ___ Banyo: ___ Family Room/Den: ___ Silid Tulugan: ___ Iba pang kuwarto: ___ Total: ___

**D) Ilarawan ang inyong proyekto at magbigay ng diagram sa hiwalay na papel.** Kung kailangan pa ng dagdag na espasyo para sa paglalarawan ng proyekto, isama ito sa diagram.

## 3) Paano namin kayo maaaring kontakin?

| | | |
|---|---|---|
| **A) Kontak na impormasyon ng May-ari/Ahente** | **Email ng May-ari** | **Telepono ng May-ari** |
| **B) Nakikipagtulungan ba kayo sa isang kontratista?** | **Kontak/Pangalan ng Kontratista** | **Kompanya ng Kontratista** |
| | **Email ng Kontratista** | **Telepono ng Kontratista** |

Internal use only: {ObjectID}

| | | |
|---|---|---|
| ❑ Oo<br>❑ Hindi | | |

**Pinatutunayan ko na ang nabanggit ay totoo, tama, at kumpleto ayon sa abot ng aking nalalaman. Ang Tanggapan ng Assessor-Recorder ay maaaring mag-odit ng pahayag na ito para sa pagiging kumpleto at wasto at makikipag-ugnayan sa inyo para sa higit pang impormasyon ayon sa kinakailangan.**

Lagda ng May-ari/Ahente Petsa

Internal use only: {ObjectID}

**Tandaan: Ang kahilingan sa impormasyon na ito ay para sa mga aktibong proyekto sa pagtatayo simula noong ENERO 1, 2025. Dahil dito, mangyaring tumugon LAMANG kasama ang impormasyong nauukol sa mga permit para sa mga hilera sa ibaba simula 1/1/2025. Ang mga hilera na nagsisimula sa mga naunang taon (hal. 1/1/2024) ay makasaysayan, at HINDI nangangailangan ng tugon na may impormasyon**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **{FB_Permit_Info}** | | | | |
| | | | | |